



PIVOT^{4A}

EPP (Agriculture and Fishery Arts) G5



DepEd CALABARZON
Curriculum and Learning Management Division

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
Hindi Ipinagbibili

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikalawang Edisyon, 2022

EPP

Agriculture and Fishery Arts

Ikalimang Baitang

Job S. Zape, Jr.
PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead

Adora A. Villanueva
Writer & Content Creator

Virgilio O. Guevarra, Lamberto C. Perolina,
Michelle R. Samia & Godofredo C. Mercado
Internal Reviewer & Editors

Fe M. Ong-ongowan
Layout Artist

Jeewel L. Cabriga & Melanie Mae N. Moreno
Graphic Artist & Cover Designer

Gemma Clutario, Vanessa Padua , Arlyn Ebio Lanuza , Gerlie G. Andal,
Dhan Oliver Cabantog , Luhinia M. Ofren, Marigen N. Leosala,
Edwina C. Nabo, Renel Bernardino & Gilbert Manaois
Schools Division Office Development Team

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

PIVOT 4A CALABARZON AFA G5

Gabay sa Paggamit ng PIVOT 4A Learner's Material

Para sa Tagapagpadaloy

Ang modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutuhan ang mga aralin sa asignaturang **EPP (Agriculture and Fishery Arts)**. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinegurong naaayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa ating mga mag-aaral para sa paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pagpapakita ng kakayahang magtiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa sumusunod na mga aralin.

Salamat sa iyo!

Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang sagot sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong mabigyan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi nito. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga gawain sa pagkatuto.
2. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat gawain.
3. Maging tapat sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
4. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
5. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagpadaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagpadaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong magulang o tagapag-alaga, o sinumang mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami na sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa. Kaya mo ito!

Mga Bahagi ng PIVOT 4A Modyul

	K to 12 Learning Delivery Process	Nilalaman
Panimula (Introduction)	Alamin	Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na resulta ng pagkatuto para sa araw o linggo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan para sa aralin.
	Suriin	
Pagpapaunlad (Development)	Subukin	Ang bahaging ito ay nagtataglay ng mga aktibidad, gawain at nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral. Ang karamihan sa mga gawain ay umiinog sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC. Layunin nito na makita o matukoy ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan.
	Tuklasin	
	Pagyamanin	
Pakikipagpalihan (Engagement)	Isagawa	Ang bahaging ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga Knowledge Skills, at Attitudes (KSA) upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kaniyang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa Pagpapaunlad o D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/gawain sa buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kaniyang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto.
	Linangin	
	Ilangkop	
Paglalapad (Assimilation)	Isaisip	Ang bahaging ito ay maghahatid sa mag-aaral sa proseso ng pagpapakita ng mga idea, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga upang makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kaniyang kaalaman sa pagbibigay ng epektibong repleksiyon, pag-uugnay, o paggamit sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na magbibigay sa kaniya ng pagkakataong pagsama-samahin ang mga bago at dating natutuhan.
	Tayahin	

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng Worktext at Textbook na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid ng kaalaman tulad ng Radio-based at TV-based Instructions o RBI at TVI.

Abonong Organiko

Aralin

I

Magandang Araw! Sa araling ito ay matututunan mo ang paggawa ng abonong organiko at ang kahalagahan ng paggamit nito sa ating mga halamang itatanim.

Tatalakayin din sa araling ito ang mga sumusunod:

- Kahalagahan at pamamaraan sa paggawa ng abonong organiko.
- Pagsunod sa pamamaraan at pag-iingat sa paggawa ng abonong organiko.

Sa paghahalaman, maraming paraan upang masiguro na tutubong nang malago at mataba ang mga halaman. Isa na rito ang paglalagay ng abono o pataba sa lupa. Mayroong dalawang klase ng pataba, ang abonong komersyal at abonong organiko. Ang abonong komersyal ay patabang nabibili sa tindahan na kadalasan ay nasa anyong pulbos at butil-butit samantalang ang abonong organiko ay libre at nagagawa sa pamamagitan ng composting. Upang mas makatipid ka sa paghahalaman mas mainam na gamitin ang abonong organiko. Ang mga sariwa o nabubulok na mga basura tulad ng mga balat ng prutas/gulay, dahon ng halaman at mga dumi ng mga hayop (hal. baka, kalabaw, at kabayo) ay binubulok upang maging organikong pataba.

Kahalagahan ng Paggawa ng Abonong Organiko

Ang paglalagay ng organikong pataba sa lupa ay nakatutulong nang malaki sa mga halaman sa mga sumusunod na kadahilanan:

- a. nakadadagdag ng kapasidad na humawak ng tubig ang lupa.
- b. pinalalambot ng organikong pataba at tumutulong ito upang maging buhaghag ang lupa.
- c. pinabubuti ang daloy ng hangin
- d. pinapalitan rin nito ang mga sustansiyang nawawala sa lupa dahil sa paulit-ulit na pagtatanim.
- e. nakatutulong rin ito sa mga magsasaka upang makatipid sa gastusin sa paghahalaman.

Pamamaraan sa Paggawa ng Abonong Organiko sa Compost Pit



Madali ang paggawa ng compost, lalo na sa may malawak na bakuran. Narito ang mga pamamaraan sa paggawa ng abonong organiko.



1. Pumili ng angkop na lugar, tulad ng lugar na patag at tuyo ang lupa, may kalayuan sa bahay, malayo sa tubig tulad ng ilog, sapa at iba pa.
2. Gumawa ng hukay sa lupa nang may isang metro ang lalim at isang metro ang lawak. Patagin ang loob ng hukay at hayaang nakabilad sa araw upang hindi mabuhay ang anumang uri ng mikrobyo.
3. Tipunin ang mga nabubulok na kalat gaya ng tuyong damo, dahon mga balat ng prutas at iba pa. Ilatag ito nang pantay sa ilalim ng hukay hanggang umabot ng 30 sentimetro ang taas.
4. Patungan ito ng mga dumi ng hayop at lagyan muli ng lupa, abo o apog. Paulit-ulit na gawin ang pagtatambak hanggang umabot ng 15 sentimetro ang kapal.
5. Pumili ng ilang piraso ng kawayang wala nang buko at may butas sa gilid. Itusok ito sa nagawang compost pit upang makapasok ang hangin at maging mabilis ang pagkabulok ng mga basura.
6. Diligan ang ibabaw araw-araw. Kung tag-ulan, takpan ito ng yero .
7. Palipasin ang dalawang buwan o higit pa bago gamitin.

Pamamaraan sa Paggawa ng Abonong Organiko Gamit ang Basket Composting

Kung walang sapat na lugar ay maaari pa ring gumawa ng organikong pataba sa pamamagitan ng basket o anumang lumang sisidlan na tinatawag na basket composting.

1. Maghanda ng mga lalagyang maaring iresaykel tulad ng mga pinagpatong-patong na lumang gulong ng sasakyan, lumang drum, atbp.

2. Ilagay rito ang mga nabubulok na bagay tulad ng dahon, prutas, gulay , at mga tirang pagkain.
3. Lagyan muli ng lupa at diligan.
4. Takpan ng dahon ng saging o yero upang hindi langawin.
5. Gawin ang proseso hanggang mapuno ang lalagyan.
6. Palipasin ang dalawang buwan bago gamitin.

Pamamaraan at Pag-iingat sa Paggawa ng Abonong Organiko

Ang paggawa ng abonong organiko ay maaring magdulot ng sakit o aksidente sa gumagawa nito kung kaya't kinakailangan na sundin ang tamang pag-iingat upang maiwasan ang anumang kapahamakan.

1. Gumamit ng mga kasangkapang nasa maayos na kondisyon.
2. Tiyaking angkop ang kasangkapan sa gawaing paggagamitan.
3. Gumamit ng guwantes, mask, bota, plastic na pampatong sa damit at kasuotang may mahabang manggas habang ginagawa ang proseso ng paggawa ng abonong organiko.
4. Gumamit ng sombrero o anumang pantakip sa ulo lalo na kung matindi ang sikat ng araw.
5. Iwasan ang paghawak o kaya'y pagkukusot ng mga mata Habang nagbubungkal ng lupa o naglalagay ng abonong organiko.
6. Maging maingat sa pagtapak sa lupang basa upang hindi madulas.
7. Sa pagbubuhat ng mabigat, tiyaking balanse ang hinahawakan.
8. Maglaan ng maayos na lalagyan para sa ginawang abonong organiko.
9. Itago ang mga kasangkapan sa permanenteng lugar upang hindi ito matapakan.
10. Pagkatapos ng paggawa, maghugas nang mabuti ng kamay at maligo.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Ang mga sumusunod ay pamamaraan sa paggawa ng organikong pataba sa compost pit. Lagyan ng bilang 1 hanggang 7 ang patlang para maiayos ang mga hakbang sa paggawa. Iilagay ang sagot sa sagutang papel.

- _____ Patungan ito muli ng lupa o apog .
- _____ Gumawa ng hukay na may isang metro ang lalim.
- _____ Pumili ng ilang piraso ng kawayang wala nang buko at may butas sa gilid. Itusok ito sa nagawang compost pit upang makapasok ang hangin at maging mabilis ang pagkabulok ng mga basura.
- _____ Hintaying lumipas ang dalawang buwan o higit pa bago ito gamiting pataba.
- _____ Tipunin ang mga nabubulok na kalat gaya ng tuyong damo, dahon mga balat ng prutas at iba pa. Ilatag ito nang pantay sa ilalim ng hukay hanggang umabot ng 30 sentimetro ang taas.
- _____ Araw-araw itong diligan. Takpan ito ng kahit anumang pantakip.
- _____ Patungan ito ng mga dumi ng hayop at lagyan muli ng lupa, abo o apog.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Kopyahin ang mga sumusunod na pangungusap sa sagutang papel. Isulat sa patlang ang wastong bilang ayon sa pagkakasunod-sunod na hakbang sa paggawa ng organikong pataba gamit ang basket composting.(1- 6).

- _____ Iilagay sa lalagyan ang mga nabubulok na bagay tulad ng dahon, prutas, atbp.
- _____ Takpan ng dahon ng saging o yero upang hindi langawin
- _____ Ulitin ang proseso hanggang mapuno ang lalagyan.
- _____ Gumamit ng mga lalagyang maaring iresaykel tulad ng mga gulong ng sasakyan, lumang dram, atbp.
- _____ Araw-araw itong diligan. Takpan ito ng kahit anumang pantakip.
- _____ Bago gamitin ang organikong pataba mula sa mga nabulok na bagay ay palipasin muna ang dalawang buwan.

Gawain sa Pagkatuto 3: Punan ng angkop na salita/lipon ng mga salita ang patlang upang mabuo ang mga kaisipan ng araling ito. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon at isulat sa iyong sagutang papel.

guwantes	maayos na kondisyon	sombrero	pataba	balanse
paghawak	nakadadagdag ng kapasidad na humawak ng tubig			
epektibo o maganda	sustansiya	kondisyon		

Maaring maubos ang mga sustansiya sa lupa dahil sa paulit-ulit na pagtatanim kaya dinadagdagan o nilalagyan ito ng (1) _____ upang mapalitan ang mga (2) _____. Pinalalambot ng abonong organiko ang lupa at pinabubuti ang daloy ng hangin at (3) _____. Ang paggawa ng organikong abono ay kaaya-ayang gawain. Ito'y mahalaga sa paghahalaman sapagkat maaari nitong pagandahin ang (4) _____ ng lupa at patabain ang halaman nang walang gastos. Ang abonong organiko ay napatunayang (5) _____ sa pagpapalago ng mga pananim.

Mahalaga rin na siguraduhing nakasusunod ka sa ligtas na pamamaraan ng paggawa ng organikong pataba. Kinakailangang gumamit ka ng kasangkapang nasa (6) _____ na kondisyon. Habang gumagawa ka ng abonong organiko nararapat na gumamit ng (7) _____, mask, bota, plastic na pampatong sa damit at kasuotang may mahabang manggas. Kapag matindi ang sikat ng araw makabubuting gumamit ng (8) _____ o anumang pantakip sa ulo. Iwasan ang (9) _____ o kaya'y pagkukusot ng mga mata habang nagbubungkal ng lupa o naglalagay ng abonong organiko sa lupa. Sa pagbubuhat ng mabigat, tiyaking (10) _____ ang hinahawakan.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Basahing mabuti at unawain ang mga katanungan batay sa pamamaraan ng paggawa ng abonong organiko. Piliin at isulat ang wastong titik sa iyong sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod na mga hakbang sa paggawa ng abonong organiko ang unang ginagawa?
 - a. Pagsama-samahin ang mga tuyong dahon, bulok na prutas, gulay, tira-tirang pagkain, at iba pang nabubulok na mga bagay.
 - b. Araw-araw itong diligan. Takpan ito ng kahit anong pantakip.
 - c. Gumawa ng hukay na may isang metro ang lalim.
 - d. Sa hukay ilagay o ilatag ang mga nabubulok na bagay hanggang sa umabot ito ng 12 pulgada o 30 sentemetro ang taas.
2. Kung walang bakanteng lupa o espasyo sa bahay, ano ang maaaring gawin upang makagawa ng compost?
 - a. Iresaykel ang mga lumang gulong ng sasakyan sa pamamagitan ng pagpapatong-patong para magsilbing hukay ang mga ito.
 - b. Bumili ng lupa sa kapitbahay.
 - c. Gamitin ang batyang ginamit ng iyong nanay sa paglalaba.
 - d. Maghanap ng malaking karton para gawing compost.
3. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagsasaad ng kahalagahan ng paggamit ng abonong organiko?
 - a. Ang paggamit ng abonong organiko ay nakapagbibigay ng sapat na ani at nakatutulong sa pagpapalago ng mga pananim.
 - b. Dumarami ang mga insekto sa halamanan kung nilalagyan ng abonong organiko ang lupa.
 - c. Tigang ang lupang nilalagyan ng abonong organiko.
 - d. Nakadaragdag sa gawain ang paggawa ng abonong organiko.
4. Ano ang basket composting?
 - a. Paraan ng paggawa ng basket na yari sa yantok.
 - b. Paraan ng pagbubulok ng mga basura sa isang lalagyan na tulad din ng compost pit.
 - c. Paraan ng paglalagay ng mga halaman sa basket.
 - d. Wala sa nabanggit.
5. Bago gamitin ang mga nabulok na mga bagay tulad ng dahon, gulay, prutas, tirang pagkain at dumi ng hayop ay kailangang palipasin muna ang _____.
 - a. Dalawang araw
 - b. Dalawang linggo
 - c. Dalawang oras
 - d. Dalawang buwan

6. Sa anong paraan nagiging pataba o abonong organiko ang mga basura tulad ng dahon balat ng gulay , prutas at mga tirang pagkain?
 - a. Pagpapausok ng basura.
 - b. Pagkakalat ng basura.
 - c. Pagbubulok ng basura sa isang lalagyan o isang hukay.
 - d. Paglilinis ng basura
7. Ang mga sumusunod ay mga pamamaraang nakatutulong upang maiwasan ang sakit o anumang kapahamakan sa paggawa ng abonong organiko maliban sa isa?
 - a. Maging maingat sa pagtapak sa lupang basa upang hindi madulas.
 - b. Sa pagbubuhat ng mabigat, tiyaking balanse ang hinahawakan.
 - c. Maglaan ng maayos na lalagyan sa matatalim na kasangkapan.
 - d. Itago ang mga kasangkapan sa hindi permanenteng lugar .
8. Ano ang maitutulong mo upang maging maunlad ang inyong komunidad sa paggawa ng organikong pataba?
 - a. Sa pagtatapon ng basura huwag ihiwalay ang nabubulok at di-nabubulok na basura.
 - b. Tipunin ang mga nabubulok na basura sa bahay at ilagay sa compost pit upang doon ito mabulok.
 - c. Itapon ang mga nabubulok na basura sa ilog.
 - d. Sunugin ang basura sa likod bahay.
9. Ano-ano ang kahalagahan sa paggawa ng abonong organiko?
 - I. Nakatutulong ito sa mga magsasaka upang mas lumaki ang gastos sa paghahalaman.
 - II. Pinapaganda ang kapasidad ng lupa sa paghawak ng tubig.
 - III. Pinalalambot nito ang lupa.
 - IV. Pinapabuti ang daloy ng hangin
 - V. Lahat ng nabanggit ay tama.

a. I at II b. II, III, IV c. I, III, IV d. V
10. Anu-ano ang tamang pamamaraan at pag-iingat sa paggawa ng abonong organiko?
 - I. Tiyaking angkop ang kasangkapan sa gawaing paggagamitan.
 - II. Gumamit ng *Personal Protective Equipment* o *PPE* gaya guwantes, mask, bota, plastic na pampatong sa damit at kasuotang may mahabang manggas habang ginagawa ang proseso ng paggawa ng abonong organiko.
 - III. Gumamit ng sombrero o anumang pantakip sa ulo lalo na kung matindi ang sikat ng araw.
 - IV. Maging mabilis sa pagtapak sa lupang basa upang hindi madulas.

a. I at II b. I, II, III c. I, II, at IV d. Lahat ng nabanggit

A

Gawain sa Pagkatuto Bilang 6: Sa ilalim ng pagsubaybay ng nakatatanda at pagsunod sa pamamaraan ng maingat na paggawa, gumawa ng abonong organiko at sumulat ng sanaysay tungkol dito. Obserbahan at isulat ang mga napansin mo sa paglipas ng mga araw. Gayundin ang mga mahahalagang natutunan mo sa paggawa ng isang makabuluhang Gawain.

Rubrik Para sa Sanaysay

Pagpapakahulugan

16-20 = Napakahusay

6-10 = May kaunting kaalaman

11-15 = Mahusay

0-5= Kailangan pang magsanay

Pamantayan sa Paggawa	Puntos				
	1	2	3	4	5
1. Nailalahad ang pamamaraan sa maingat na paggawa ng abonong organiko.					
2. Natatalakay ang mga wastong pamamaraan sa paggawa ng abonong organiko.					
3. Naibibigay ang kahalagahan ng paggawa ng abonong organiko sa iyo, sa iyong pamilya at komunidad.					
4. Naitatala ang mga aral na natutunan sa paghahanda ng abonong organiko.					

Masistemang Pangangalaga ng Tanim na mga Gulay

Aralin

I

Kumakain ka ba ng gulay? Sumasang-ayon ka ba na ang pagkain ng gulay ay makabubuti sa iyong katawan?

Ang pagkain ng gulay ay lubhang nakatutulong upang manatili kang malusog at malakas sapagkat ang mga gulay ay nagtataglay ng iba't ibang sustansiya na kailangan ng ating katawan.

Ang pagtatanim ng halamang gulay ay isang kapaki-pakinabang na gawain na makatutulong upang mabawasan ang mga gastusin ng iyong pamilya sa pagkain.

Matapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahan na kaya mong isagawa ang masistemang pangangalaga ng tanim na mga gulay sa pamamagitan ng pagdidilig, pagbubungkal at paglalagay ng abonong organiko at isagawa ang masistemang pagsugpo ng peste at kulisap ng mga halaman.

Masistemang Pangangalaga ng Tanim na mga Gulay

Ang mga halaman tulad ng iba pang bagay na may buhay ay nangangailangan ng palagiang pangangalaga.

1. Pagdidilig

Ang tubig ang pangunahing pangangailangan ng halaman upang lumaki at mabuhay. Pinalulusog ng tubig ang halaman sa pamamagitan ng pagdadala sa iba't ibang mga bahagi nito ng mga sustansiyang nangagaling sa lupa. Dahil dito ang mga pananim ay kailangang diligan ng sapat na dami ng tubig araw-araw. Ang pagdidilig ay dapat gawin sa umaga o hapon at hindi sa katanghalian na matindi ang sikat ng araw.

Ingatan ang pagdidilig upang hindi mapinsala ang halamang didiligan. Iwasang malunod ang halaman, lalo na yaong mga bagong lipat na punla. Iwasan ang malakas na pagbuhos ng tubig. Kung ang gamit mo ay regadera kailangan iyong maliliit lamang ang butas. Upang manatiling mamasa-masa ang lupa, diligin din ang lupang nakapaligid sa mga tanim.

2. Pagbubungkal

Ito ay isang paraan ng pagpapaluwag ng lupa na kung saan madaling bunutin ang mga ligaw na halaman at damo. Kailangang alisin ang damo upang hindi nila maagawan ng sustansiya ang mga tanim. Pinaluluwag din nito ang lupa upang mabilis na makarating ang tubig sa ugat ng halaman at makapasok ang hangin sa lupa. Madaling darami ang mga ugat ng tanim na nakatutulong upang maging malusog ang mga halaman. Bungkalin ang lupa kung ito ay mamasa-masa isang beses sa isang linggo sa hapon o kaya sa umaga. Dapat bungkalin nang mababaw o katamtaman lamang ang lupa kung mga halamang gulay ang tanim upang hindi mapinsala ang ugat ng halaman. Gumamit ng angkop na kagamitan sa pagbubungkal ayon sa lawak ng taniman tulad ng dulos, tinidor, asarol, at traktura.

3. Paglalagay ng Abonong Organiko

Kinakailangang mataba ang lupang taniman upang ang halaman ay mabuhay, lumago, at maging malusog kung kaya't mainam na maglagay ng abonong organiko. Ang pataba ay maaring ilagay bago magtanim, habang nagtanim o pagkatapos magtanim. Ngunit ang pinakamagandang panahon ng paglalagay ng pataba ay habang maliit pa ang tanim bago ito mamunga. Mainam gamitin ang organikong abono na mula sa nabubulok na mga bagay tulad ng balat ng prutas, gulay atbp. kaysa sa abonong komersiyal, sapagkat ito ay napakapektibong pataba at hindi magastos.

Paraan ng Paglalagay ng Abonong Organiko

1. Paghahalo ng pataba sa lupa o Basal Application Method- Paglalagay ng abono sa pamamagitan ng paghahalo sa lupa bago itanim ang halaman. Kapag ang halaman ay itanim sa paso, ang pataba ay inihahalo muna sa lupa bago itanim ang halaman. Halimbawa nito ay ang ginagawang compost sa basket composting o compost pit.
2. Foliar Application Method - Ang abono ay hinahalo sa tubig at idinidilig o ini-spray sa halaman, halimbawa nito ay ang Grass clipping tea at Banana peel tea.

A. Grass Clipping Tea - pagbababad ng mga pinagtabasan ng damo o mga dahon upang gawing organikong abono sa loob ng tatlong araw ngunit hindi hihigit sa dalawang linggo. Ang likidong makukuha dito ay mayaman sa nitrohina o “nitrogen” na isa sa mga kailangan ng mga halaman upang lumago ng malusog. Mayaman din ito sa potassium, phosphorus at amino acids na talaga namang mainam para sa mga halaman.

B. Banana Peel Tea - Pagbababad, pagtatadtad o pagpapatuyo ng mga balat ng saging upang gawing organikong abono. Maraming taglay na mineral ang saging tulad ng potassium, calcium, manganese, sodium, magnesium, sulfur at phosphorus na kailangan ng lupa upang maging malusog ang halaman.

3. Pagbubudbod ng pataba sa ibabaw ng lupa

Halimbawa nito ay ang dinurog na balat ng itlog na nagtataglay ng calcium na lubhang kailangan din ng halaman sa kanyang paglaki. Ito ay inilalagay lamang sa ibabaw ng lupa o taniman .Kung gagamit ng paso ibudbod lamang sa ibabaw nito. Maaari ding gamitin ang compost o binulok na mga balat ng prutas at gulay.

Masistemang Pagsugpo ng Peste at Kulisap sa mga Halaman

Ang mga peste at insekto ay labis na nakaaapekto sa paglaki at pag-unlad ng halaman tulad ng higad na sumisira sa mga dahon at kumakain ng mga bahagi nito gaya ng ugat, dahon, malalambot na bahagi ng sanga, bulaklak at prutas. Bukod dito, ang mga insekto ay nagsisilbing tagapagdala ng sakit mula sa dahon hanggang sa iba pang bahagi ng halaman.

Nararapat lamang na sugpuin ang problemang dulot nito sapagkat ang kalidad at dami ng mga bunga, ang pagtubo at paglaki ng mga halaman, at ang gugulin sa pagtanim ay higit na naapektuhan.

Ngunit paano nga ba mapupuksa ang mga peste o salot sa mga halaman? Maaring gawin ang mga sumusunod :

1. Pagpapausok sa mga puno at halaman gamit ang mga tuyong dahon o damo. Tiyaking usok lamang ang lalabas at hindi apoy.
2. Alisin kaagad ang mga kulisap na sumisira o kumakain sa mga dahon ng mga halaman.

3. Gumawa ng pamboba o pestisidyo (pesticide) sa mga peste o salot sa halaman mula sa katas ng mga halaman na ginagamit sa pagkontrol ng mga peste. Ang mga peste ay natural na bahagi ng pagtatanim ng mga gulay na kung minsan ay nakatutulong, subalit kapag nasira ang balanse ng kalikasan (nature imbalance) nagdudulot ang mga peste ng malaking kapinsalaan sa ani.

Ang pestisidyong kemikal ay umuubos sa sustansya ng lupa na kung saan ang sobrang paggamit nito ay magpapataas ng antas ng asido sa lupa. Ang mga halaman ay hindi tumutubo nang mahusay sa mala-asidong lupa kung kaya't dapat gumamit ng mga organikong pangsugpo ng mga peste.

Paggawa ng Organikong Pestisidyo para sa Peste at Kulisap

- a. Neem - magdikdik ng 2 - 50 piraso ng buto ng neem. Ihalo sa 1 litrong tubig at ibabad magdamag. Salain at gamiting pambomba para sa salagubang, aphids, bukbok, stem borer, army worm, nematodes, grasshopper, rice at corn borer, termite, fruit fly , atbp.
- b. Siling Maanghang – Magdikdik ng 25 piraso ng hinog na sili. Ihalo sa isang galong tubig. Lagyan ng isang kutsaritang sabong panlaba. Gamiting pambomba laban sa uod, aphids, at iba pang malalambot at maninipis na katawang insekto.
- c. Madre de Cacao – dikdikin at katasan ang dahon at sanga. Ihalo sa tubig na may ratio na 1:1 litro. Gamiting pambomba laban sa cutworm, langaw at plant hopper.
- d. Pulang Sibuyas – Magdikdik ng isang kilong sibuyas. Iabad sa pitong litrong tubig magdamag. Salain at gamiting pambomba laban sa mga sakit dulot ng amag.
- e. Bawang – Pakuluan ang isang ulo ng bawang. Palamigin at gamiting pambomba laban sa mga sakit na amag tulad ng spot, blight and rot .
- f. Gata ng Niyog - Kayurin ang dalawang niyog, Lagyan ng 1 litrong tubig para sa pangalawang pagpiga. Ihalo ng maigi ang 1 pirasong perla na sabon sa 2 litrong gata ng niyog hanggang matunaw. Ito ay para sa aphids, scale, insect at uod.
- g. Makabuhay at Tangla — Pakuluan ng isang oras ang 1 kilong tinadtad ng katawan ng makabuhay, kalahating kilo ng tanglad sa 10 litrong tubig. Palamigin at ilagay sa bote. Ito ay para sa uod, atangya at salagubang.

4. Crop Rotation – Ito ay isang proseso ng pagsasalit-salit ng mga pananim ayon sa kalagayan ng panahon. Sa ganitong paraan, pinagpaplanuhan ang bawat uri ng halaman na itatanim na nababagay sa panahon.
5. Companion Planting – Ito ang pagtanim ng iba't ibang uri ng pananim para sa pagpuksa ng mga peste sa halamanan, para sa pollination at para sa pagkakaroon ng tirahan ng mga bagay na nabubuhay sa ilalim ng lupa tulad ng mga bulate na nagsisilbing sekretong tagabungkal ng lupa sa halamanan. Ang companion planting ay isang paraan ng polyculture, ang pagtanim at pagpaparami ng iba't ibang uri ng halaman nang sabay-sabay sa parehong lupang taniman upang dito alagaan at mapakinabangan.
6. Intercropping o multiple cropping - isang paraan o teknik ng pagtanim na isa sa pangunahing layunin nito ay ang makapag impok ng mas maraming ani sa isang kapisasong lupa sa pamamagitan ng pagtanim ng isa o higit pang uri ng pananim tulad ng bawang, oregano, marigold, cosmos, dahlia at iba pa. Ang mga gulay tulad ng pechay, letsugas, repolyo, mustasa at iba pang madahong gulay ay maaaring gamitin bilang pangunahing halaman sa intercropping.

Makabubuting isaalang-alang ang mga sumusunod na tutuning pangkalusugan at pangkaligtasan nang maiwasan ang anumang sakuna o aksidenteng maaring maganap habang ginagawa mo ang pamamaraan ng pagpuksa sa mga peste at kulisap.

1. Iwasan ang paggamit ng mga kasangkapang malapit nang masira o sira na, kinakalawang at mapurol.
2. Gumamit ng angkop na kasangkapan.
3. Maglaan ng maayos na lalagyan o taguan para sa mga gamot na pamuksa sa kulisap at iba pang peste.
4. Sumangguni sa guro at iba pang ahensya ng pamahalaan tungkol sa mga gamot na gagamiting pamuksa ng kulisap at iba pang peste na dumadapo sa halaman.
5. Lagyan ng takip ang ilong at bibig habang nagbobomba o nagiispray ng mga pamatay kulisap o peste.

6. Maghugas mabuti ng kamay pagkatapos gumawa sa halamanan.

Narito ang ilang kulisap na naninira sa mga halaman at ang mga paraan ng pagpuksa dito:

1. Armored Scale (Family Dispididae) – Panatalihing malinis ang kapaligiran at linisin lagi ang mga dahon at puno ng mga halaman. Maaaring gumamit ng pamatay – kulisap tulad ng Parathion.
2. Ring Borer – Kailangang gumamit ng panghuling may ilaw upang mahuli at mapuksa ang mga gamugamo. Alisin ang mga dahong tuyo na at bahaging may sakit at sunugin ito.
3. Melon Aphids – Naninirahan ang melon aphids na may malalambot na katawan sa ilalim ng mga dahon na nagiging sanhi ng pagkabaluktot nito.
4. Plan Hoppers – Gumagapang ang mga ito sa mga damuhan at nangingitlog sa malagong taniman.
5. Leaf Hoppers – Binubutas ng mga ito ang mga dahoon. Para mapuksa ang mga ito kayasin ang lahat ng dahoon o foliage hanggang maiwan ang buong panloob na sanga.
6. Webworm – Dapat puksain sa pamamagitan ng pagputol at pagsunog ng sapot kasama ang uod.
7. Ladybug – Ang mga dahon na may ganitong insekto ay nagkukulay-balat at nalalagas. Mapupuksa ang mga ganitong uri ng insekto sa pamamagitan ng pagsisiga o pagpapausok.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Iguhit ang masayang mukha 😊 kung tama ang isinasaad ng pangungusap at malungkot na mukha ☹ kung mali. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

- ___ 1. Ang pagdidilig ng halaman ay hindi kinakailangang gawin araw araw.
- ___ 2. Ang pagdidilig tuwing matindi ang sikat ng araw ay mainam upang maging masigla ang halaman.
- ___ 3. Upang makahinga ang mga ugat ng mga tumutubong halaman kinakailangang bungkalin ang paligid ng halaman.
- ___ 4. Ang pataba ay maaring ilagay bago magtanim, habang nagtatanim o pagkatapos magtanim.
- ___ 5. Ang pinakamagandang panahon ng paglalagay ng pataba ay kapag malaki na at namumunga na ang halaman.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Basahin at unawain ang pangungusap sa bawat bilang. Piliin at isulat ang tamang salita na nasa loob ng panaklong sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang mabisang pangsugpo ng mga peste sa halaman tulad ng salagubang. (sili, marigold, makabuhay at tanglad)
2. Saan ginagamit ang organikong pangsugpo gamit ang gata ng niyog? (aphids , langgam , bubuyog)
3. Ano ang isa sa mga sanhi ng pagkawala ng sustansya sa lupa? (Paggamit ng organikong pestisidyo, Paggamit ng kemikal na pestisidyo, Paggamit ng Abono)
4. Anong insekto ang maaaring mapuksa kapag ginagamit ang organikong pestidyo tulad ng bawang?(bubuyog, langgam , spot)
5. Saan ginagamit ang organikong pestisidyo na mula sa Madre Cacao? (aphids, uod, katworm)

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Piliin sa loob ng kahon ang kukumpleto sa kaisipan ng bawat pangungusap. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Intercropping	paghahalo	kemikal
pagpapausok	pestisidyo	lalagyan

1. Maaring gumawa ng pambomba o _____ sa mga peste o salot sa halaman mula sa katas ng mga halaman.
2. Ang _____ ay isang paraan o teknik ng pagtanim na kung saan ay tinatawag ring itong multiple cropping.
3. Maglaan ng maayos na _____o taguan para sa mga gamot na pamuksa sa kulisap at iba pang peste.
4. Ang Pestisidyong _____ ay umuubos sa sustansya ng lupa.
5. Ang _____ sa mga puno at halaman gamit ang mga tuyong dahon o damo ay isang paraan din upang mapuksa ang mga peste o salot sa mga halaman.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Gamit ang sagutang papel, unawain ang mga sumusunod na tanong at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ito ay isang uri ng kulisap na may malambot na katawan na naninirahan sa ilalim ng dahon na nagiging sanhi ng pagkulot nito.
 - a. webworm
 - b. ladybug
 - c. melon aphid
 - d. plant hopper

2. Sa pangangalaga ng tanim mahalaga ang paglalagay ng abono upang magkaroon ng karagdagang sustansya ang lupa. Kailan dapat maglagay ng abono?
 - a. Araw- araw
 - b. Habang maliit pa ang tanim bago ito mamunga
 - c. Kung tuyot na ang mga tanim.
 - d. Kapag magulang na ang mga bunga

3. Ang mga sumusunod na pangungusap ay mga dahilan kung bakit kailangang sugpuin ang mga peste at insekto maliban sa isa.
 - a. Dahil lumalaking malago at mataba ang mga halaman
 - b. Dahil nagkakasakit ang mga halaman
 - c. Dahil nababawasan ang kita ng mga magsasaka
 - d. Dahil sumisira at pumapatay ito sa mga pananim

4. Ang mga sumusunod ay mga dahilan kung bakit kailangang iwasan ang paggamit ng kemikal na pangsugpo ng mga peste at kulisap maliban sa isa.
 - a. nakasisira ng kalikasan, tulad ng lupa, hangin at tubig
 - b. makakapagpalaki ng kulisap
 - c. makakabawas ito ng sustansya sa lupa
 - d. Ang mga naiiwang kemikal sa tanim na gulay na hindi nahuhugasan

5. Ito ay isang proseso ng pagtatanim na kung saan nakapaloob ang pagsasalit-salit ng mga pananim ayon sa kalagayan ng panahon.
 - a. intercropping
 - b. crop rotation
 - c. companion planting
 - d. cash cropping

A

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Basahin ang sitwasyon. Sagutin ang katanungan sa iyong sagutang papel . (5 puntos)

Maraming tanim na iba't ibang gulay ang pamilya nila Ally sa kanilang bakuran. Napansin ni Ally na mabagal lumaki at mukhang kulang sa sigla ang kanilang mga halaman. Batay sa kanyang mga natutunan sa kanilang aralin, isinagawa niya ang masistemang pangangalaga ng halaman upang lumaking malusog at malago ang mga tanim na halamang gulay. Kung ikaw si Ally, sumulat ng sanaysay na makatutulong sa iyo, upang maging malusog ang inyong mga pananim. Tayahin ang isinulat na sanaysay batay sa sumusunod na pamantayan. Lagyan ng tsek (✓) sa puntos na aayon sa pamantayan.

Pamantayan	Puntos				
	1	2	3	4	5
1.May kabuluhan ang inilahad at pagkakaugnay ng detalye.					
2. Malinaw ang layunin, nasa pokus.					
3. Gumamit ng payak at angkop na mga salita na nakatutulong sa lubos na pagkaunawa.					
4. Wasto ang gamit sa malalaking titik.(Kung saan kailangan)gayundin ang mga bantas,baybay ng mga salita at iba pang mekaniks sa pagsulat.					
5. Nagpakita ng kasanayan sa masistemang pangangalaga ng tanim na gulay.					

Rubrik Para sa Sanaysay

Pagpapakahulugan

19 - 25 = Napakahusay

7 - 12 = May kaunting kaalaman

13 - 18 = Mahusay

0 - 6 = Kailangan pang magsanay

Pag-aalaga ng Hayop

Aralin

I

Mayroon ka bang alagang hayop? Ano-ano ang pakinabang ng inyong mag-anak sa inyong mga alagang hayop?

Ang pag aalaga ng hayop ay isang makabuluhang libangan ng mag anak na nakakatutugon sa kanilang pangunahing pangangailan sa pagkain. Bukod pa rito ang mga produkto tulad ng itlog, karne, at balahibo o balat ng hayop ay maari ring mapagkakakitaan.

Maraming uri ng hayop ang maaring alagaan sa sariling bakuran na naaayon sa uri ng lugar na inyong tinitirhan.

Matapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahan na kaya mong ipaliwanag ang kabutihang dulot ng pag-aalaga ng hayop na may dalawang paa at pakpak o isda, matukoy ang mga hayop na maaring alagaan gaya ng manok, pato, itik, pugo o tilapia, at makagawa ng talaan ng mga kagamitan at kasangkapan na dapat ihanda upang makapagsimula sa pag-aalaga ng hayop o isda.

Mga kabutihang dulot ng pag-aalaga ng hayop na may dalawang paa at pakpak o isda

1. Napagkukunan ito ng pagkain tulad ng karne at itlog.
2. Nakapagpapaunlad sa kabuhayan ng mag-anak dahil nagbibigay ng dagdag na kita .
3. Nagdudulot ng kasiyahan sa pamilya at nagsisilbing libangan ng mag-anak.
4. Natutugunan ang problema ng bansa sa kasalatan ng pagkain at kawalan ng hanapbuhay ng tao.
5. Magandang kasanayan sa bata dahil nagkakaroon siya ng tiwala sa sarili at nagiging responsable at maalalahanin .
6. Nakatutulong sa mga gastusin ng pamilya.
7. Ang dumi ng mga hayop ay mabisang pampataba ng halaman. Ginagawang organikong pataba ang mga ito.

Mga Hayop na Maaring Aalagaan


1. Manok

Madaling mag-alaga ng manok kahit sa maliit na lugar. Maaring mais at palay lamang ang pagkain ng mga ito. Kung maluwag ang bakuran, naghahanap din ito ng mga uod sa lupa o sa damuhan. May piling mga manok na kailangan ang wastong paraan ng pag-aalaga upang maparami at makapagbigay ng karne at sariwang mga itlog. Halimbawa ng mga uri ng manok na maaring alagaan ay Lancaster, New Hampshire, White Leghorn at Plymouth.



2. Kalapati

Nabubuhay ang kalapati kahit saang lugar at sa kahit anong klima. Kailangan mataas ang bahay ng kalapati upang ligtas sa daga, pusa at ahas. White Kings, Red Corneans, at Giant Homer ay mga uri ng kalapati na inaalagan dito sa Pilipinas. Pagkaraan ng 25 hanggang 30 araw, maari nang ipagbili ang squab o batang kalapati. Maaring pakainin ang alagang kalapati ng munggo, sorghum, palay, mumo ng tinapay, sunflower, giniling na mais, at giniling na pritong mani.



3. Pugo

Tulad ng ibang hayop, ang karne at itlog ng pugo ay maaaring kainin. Ang dumi at balahibo nito ay mahusay na napagkukunan ng pataba o organikong abono. Magandang alaagan ang lahing Japanese Seattle sa nagsisimula pa lang dahil mahusay itong mangitlog at malaman pa.



4. Itik


Isang magandang pagkakitaan ang pag-aalaga ng itik sa likod ng bakuran ng tahanan, dahil sa malaki ang nagagawang tulong nito sa pamilya. Marami ang produktong makukuha dito tulad ng balot, penoy at pulang itlog o itlog na maalat.



PIVOT 4A CALABARZON

5. Isda

Ang pag-aalaga ng isda ay madaling gawin. Kailangan lamang ang isang lugar na may sukat na apat na metro ang lapad, limang metro ang haba, at isa at kalahating metro ang lalim.



Mga Kasangkapan/Kagamitan sa Pag-aalaga ng Hayop

1. Kulungan- Ang mga alagang hayop ay nangangailangan ng malinis na tahanan na may maayos na bubong at sahig. Ito ay dapat may lagusan ng tubig at dumi upang hindi bumaho. Ang sahig ay dapat palaging tuyo at hindi nagpuputik.
2. Pagkain-Kailangan ng malinis at masustansyang pagkain para sa mga alagang hayop. Iwasan ang pagpapakain ng bulok na pagkain upang hindi magkasakit ang mga alagang hayop. Ang broiler feeds ay para sa manok na pangkarne. Ang hog mash ay para sa baboy at pre-starter ay para sa maliliit na hayop.
3. Panustos na Tubig-Ang pagbibigay ng malinis na inumin ng mga hayop ay napakahalaga upang hindi magkasakit at magkaroon ng parasitiko. Kailangan din ang maraming tubig sa paglilinis ng kulungan at mga gamit sa pag- aalaga.
4. Tapunan ng dumi- Linisin ang dumi ng alagang hayop araw-araw. Gumawa ng isang imbakan o hukay na para sa mga dumi upang hindi mangamoy at makaperwisyo ng mga kapitbahay. Siguruhing ito ay may takip upang hindi langawin at pagmulan ng sakit.
5. Gamot at bitamina – upang malusog na lumaki ang mga alaga at makapagdulot ng maayos ng karne o itlog.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Iwasto ang pagkakasulat ng mga hayop na maaring alagaan sa bahay o bakuran sa bawat bilang sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga titik ng bawat salita. Gawing gabay ang mga kahulugan ng mga salitang ito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. **UOPG** – Tulad ng ibang hayop, ang karne at itlog ng pugo ay maaaring kainin. Ang dumi at balahibo nito ay mahusay na napagkukunan ng pataba o organikong abono.
2. **TIKI** – Marami ang produktong makukuha dito tulad ng balot, penoy at pulang itlog o itlog na maalat .
3. **KONAM** – napakainam mag-alaga ng hayop na ito dahil nagbibigay ito ng karnet at itlog ang mga balahibo ng hayop na may dalawang paa, at pakpak.
4. **IAPALATK** – ang hayop na ito ay may kulungan na mataas para hindi maabot ng mga daga, pusa at ahas.
5. **AYPALIT** – ito ay uri ng isda na mabilis lumaki at maari nang anihin sa loob ng dalawa hanggang tatlong buwan.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Gamit ang sagutang papel , unawain ang mga sumusunod na tanong at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ang pag-aalaga ng isda ay nakatutulong sa ating katawan sapagkat _____.
 - A. nagkakaroon ng bitamina ang ating katawan.
 - B. ito ay sapat na panlaban sa lahat ng sakit.
 - C. nagbibigay ito ng protina sa atin.
 - D. may sakit na dala ang pagkain ng isda.
2. Ang mga sumusunod ay kahalagahan ng pakakaroon ng tirahan ng ating alagang hayop maliban sa isa.
 - A. maging ligtas sa init, ulan at malakas na hangin
 - B. hindi magkasakit
 - C. hindi magsiksikan
 - D. madaling katayin
3. Kapaki-pakinabang ang pag-aalaga ng itik at bibe sapagkat _____.
 - A. nagbibigay ng karne at itlog.
 - B. nakasasama sa kalusugan
 - C. nakalilikha ng ingay sa komunidad.
 - D. nakadadagdag sa gastusin ng pamilya.

4. Si Jayward ay may alagang manok sa likod bahay nila, ano ang kabutihang dulot nito sa kanyang pamilya?
- nakapagbibigay ng pagkain at dagdag kita pa sa pamilya
 - nakapagdulot ng kalat sa bakuran
 - nakalilikha ng ingay sa komunidad
 - nakakapagpalaki ng gastusin sa bahay
5. Ang pag-aalaga ng isda ay mahalaga dahil _____.
- nagdudulot ito ng polusyon sa anyong tubig.
 - napapaunlad nito ang utang ng mangingisda.
 - nagbibigay ito ng problema sa pamilya.
 - natutugunan ang pangangailangan ng pamilya sa pagkain.

Gawain sa Pagkatuto 3: Basahin at intindihin ang sitwasyon. Ilahad ang iyong kasagutan sa tanong sa iyong sagutang papel.

Nagkaroon ng seminar sa inyong barangay ukol sa paghahayupan, nahimok ang iyong tatay na dumalo ngunit hindi nya natapos ang seminar dahil sa kanyang trabaho. Gayunpaman, nabigyan pa rin siya ng dalawang inahing manok na aalagaan nang maayos sa inyong bakuran. Gumawa ka ng talaan ng mga kagamitan at kasangkapan na dapat ninyong ihanda sa pag aalaga ng dalawang inahing manok.

Sagutin ang tanong:

- Bilang isang mag aaral, sa paanong paaraan ka makakatulong sa iyong tatay sa pagsasapamilihan ng inyong aalagaang manok?
- Itala ang mga ginastos sa pagaalaga ng manok at maaring kinita mula dito.

<p>Talaan ng mga Kagamitan at Kasangkapan sa Pag -aalaga ng Manok</p>

Pagsasapamilihan ng Alagang Hayop

Aralin

I

Ang pag-aalaga ng hayop tulad ng pagtatanim ng gulay ay isang kapaki-pakinabang at nakalilibang na gawain. Malaki ang naitutulong nito sa pagdaragdag ng kita ng mag-anak sapagkat maraming produkto ang nakukuha sa iba't ibang uri ng hayop na maaring kainin o gamitin.

Alam mo ba na maaari kang kumita sa mga produktong galing sa mga hayop? Malaking tulong sa pamilya at sa pamayanan kung ang mga produktong ito ay mapag uukulan nang maayos na pamamahala. Ikaw bilang isang mag-aaral ay mayroong maitutulong sa wastong pamamahala o pagsasapamilihan ng mga hayop.

Matapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahan na kaya mong maisapamilihan ang inalagaang hayop/isda at matuos ang puhunan, gastos, at kita.

Paraan ng Pagsasapamilihan ng Inalagaang Hayop/Isda

1. Pakyawan o maramihan

Ang paraang pakyawan ay nangyayari kapag nagkasundo ang may-ari at ang bibili bago pa anihin ang produkto. Ang lahat ng produkto ay makukuha ng mamamakyaw na siyang magbebenta nito ng direkta sa pamilihan.

2. Lansakan o Maramihan

Pakikipag-ugnayan sa mga biyahero at maliit na mamumuhunan. Ang kaibahan lamang ay binibili lamang nila ang mga hayop tulad ng manok na magkakapare-pareho ang timbang at laki at pagkatapos iniwan ang mga maliliit. Ang bilihan ay maaaring bawat basket o Trey ng mga itlog. Humahango ng maramihan ang mamimili upang ipagbili ng tingian sa palengke.

3. Pagbebenta sa Palengke

Ang mga produkto ay dadalhin sa palengke upang doon ito ibenta. Mahalagang matuos kung saang paraan kikita nang mas maganda kung ito ay ipagbibili ng buhay o ipagbibili nang dressed.

4. Tingian na pagtitinda

Sa pamamaraang tingian, paunti-unti ang pagtitinda sa mga mamimili. Maaring mas malaki ang nakukuhang tubo subalit mas matagal bago mahawakan ang buong pinagbilhan.

a. Kilo- ginagamit ang kiluhan sa pagbebenta ng produkto. Ang ginagamit na basehan ng presyo ay ayon sa timbang ng produkto tulad ng karne.

b. Bilang- sa paraang ito naman ay binibilang ang produkto na may nakatakdang presyo. Maaari din namang ipagbili ng bawat dosena.

c. Piraso- ang produkto ay maaaring bilhin ng bawat piraso ayon sa laki. Halimbawa nito ay ang itlog, ang itlog ay naibebenta ng bawat piraso ayon sa laki subalit kung maramihan na ang pagbili ay nagiging dosena na din ito.

5. Online Selling

Paraan ng pagbebenta kahit nasa bahay lamang gamit ang teknolohiya o internet.

Paraan ng pagbebenta sa online selling

- a. Gumawa ng social media account.
- b. Kuhanan ng maayos at malinaw na larawan ang produktong nais ibenta upang maging kaakit –akit sa makakakita ng iyong social media account.
- c. Kailangang malinis at sariwa at nasa tamang presyo ang iyong produkto.
- d. Alamin ang tunay na pangalan at eksaktong tirahan ng bumibili.
- e. Maging magiliw at magalang din sa mga mamimili.
- f. Linangin ang kaalaman sa pagbebenta gamit ang teknolohiya.

6. Pamimigay ng mga Flyers

Paraan ng pagbebenta ng produkto gamit ang kapirasong papel na nakasulat ang advertisement o patalastas na ipamimigay sa mga tao.

7. Pag-angkat

Tinatawag itong bigay tiwala, sapagkat ibinibigay ang produkto sa tingiang tindahan kahit wala pang bayad sa kasunduang babayaran sa oras na maubos ang paninda.

8. Paglalako

Karaniwang nag-iikot o naglalakad sa kalye bitbit ang kanyang paninda at isinisigaw ang pangalan nito.

9. Groseri

Malaking tindahan na karaniwang matatagpuan sa bayan o barangay kung saan kumpleto lahat ng uri ng paninda.

Pagtutuos ng Puhunan, Gastos at Kita

Sa pagsisimula ng negosyo ukol sa pag-aalaga ng hayop, maglaan ng sapat na halaga bilang puhunan upang makapagpasimula sa pagbili ng aalagaan at mga simpleng kagamitang kakailanganin. Ilan sa mga kagamitang ito ay ang gagawing kulungan, pakainan, bitamina at iba pa.

Mainam na gumawa ng isang talaan kung saan isusulat mo ang halaga ng lahat ng gastos mula sa pagbili ng aalagaang hayop o puhunan, gastos sa pagbili ng mga kagamitan, gastos sa pagbuo ng kulungan, gastos sa transportasyon, gastos sa ginamit na kuryente sa kulungan at hanggang sa pagbebenta ng produkto.

Matapos maitala ang lahat ng gastos, gawin din ang talaan ng kabuuang halagang napagbilhan. Ibawas ang puhunan at lahat ng gastos mula sa halagang napagbilhan, ang sobra ay ang halagang kinita. Sa kabuuang kinita ay mainam na magtabi ng kahit na maliit na ipon bago bumili ng bagong hayop na aalagaan at mga kulang na kagamitan upang mas mapalago pa ang negosyo.

Pag-aralan ang detalye ng ginastos at kinita ng pamilya Villanueva sa pagbebenta ng kanilang mga alagang hayop.

Pormula: Kabuuang Benta - Kabuuang Gastos = Kabuuang Kita

Inalagaang Hayop	Kabuuang Benta	Kabuuang Gastos	Kabuuang Kita
Manok	965.00	345.00	620.00
Itik	1,635.00	680.00	955.00
Tilapiya	2,500.00	850.00	1,650.00
Bangus	3,750.00	950.00	2,800.00
Kabuuan	8,850.00	2,825.00	6,025.00

Gamiting basehan ang talaan ng ginastos at kinita ng pamilya Villanueva. Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Anu- anong mga hayop ang inalagaan ng pamilya Villanueva?
2. Anong hayop ang may pinakamalaking benta? Pinakamababang benta?
3. Sa anong hayop sila may malaking gastos?
4. Ano ang ibig sabihin ng salitang pagtutuos?
5. Sa palagay mo bakit nakapagtala sila ng mataas na presyo sa kanilang inalagaang hayop?
6. Ano ang masasabi mo sa kanilang kinita?
7. Paano mo kukuwentahin kung magkano ang iyong kinita?

Sa kabuuang kita nila, naisip ng mag-asawa na ideposito sa isang bangko ang 20% nito.

Ganito ang pagtutuos ng kita:

1. Itala ang lahat ng ginastos at halaga ng pinagbilhan.
2. Mula sa halaga ng pinagbilhan, ibawas ang halaga ng mga ginastos.
3. Ang halagang natitira ay iyong tubo/kita o kaya lugi ng ginawang pagbebenta.

Halimbawa:

Manok Kabuuang benta	₱ 965.00
Kabuuang gastos	- <u>345.00</u>
Kabuuang kita/tubo	₱ 620.00

Itik Kabuuang benta	₱ 1, 635.00
Kabuuang gastos	- <u>680.00</u>
Kabuuang kita/tubo	₱ 955.00

Tilapyang Kabuuang benta	₱ 2, 500.00
Kabuuang gastos	- <u>850.00</u>
Kabuuang kita/tubo	₱ 1, 650.00

Bangus Kabuuang benta	₱ 3, 750.00
Kabuuang gastos	- <u>950.00</u>
Kabuuang kita/tubo	₱ 2, 800.00

Kabuuang benta ng lahat ng hayop	₱ 8, 850.00
Kabuuang gastos ng lahat ng hayop	- <u>2,825.00</u>
Kabuuang kita ng lahat ng hayop	₱6, 025.00

Nais mo bang malaman kung paano kinukuwenta ang magiging halaga ng ibebenta mong hayop? Narito ang halimbawa ng pagtutuos kung magkano ang magiging halaga ng hayop na iyong ibebenta.

Halimbawa ng Pagkukuwenta ng halaga sa pagbebenta ng hayop

Puhunan: 1 kilong tilapiya	60.00
Plastic	<u>5.00</u>
	65.00

Halaga ng pagbebenta: Puhunan : 65.00

Idagdag : Patong na Bahagdan (65.00 x .15) —	<u>+ 9.75</u>
Halaga ng pagbebenta	74.75

Kung 12 kilo ang ipinagbiling tilapiya, kuwentahin ang kabuuang ginastos at pinagbilhan sa dami ng naipagbili.

Halimbawa:

₱ 74.75 Halaga ng pagbebenta
<u>X 12.00</u> Dami ng kilong ibebentang isda
₱897.00 Kabuuang pinagbentahan

₱ 65.00 Puhunan
X 12.00 Bilang ng ibinentang isda
₱780.00 Kapital

₱ 897.00 Kabuuang pinagbentahan
- 780.00 Kapital
₱ 117.00 Tinubo

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isulat ang **S** sa patlang kung Sang ayon ka sa estratehiya ng pagsasapamilihan ng hayop at **DS** naman kung Di-Sang-ayon.

- _____ 1. Maaaring ibenta ang isda sa palengke sa paraang pakyawan.
- _____ 2. Sa online selling kailangan mong pilitin ang iyong mga kaibigan sa iyong social media account upang ikaw ay kumita.
- _____ 3. Sa tingiang pagtitinda maari kang bumili ng por kilo o kaya ay isang piraso lamang.
- _____ 4. Kailangang makulay at kaakit-akit ang larawan na ibebenta mo sa online upang mahikayat mong bumili ang mamimili.
- _____ 5. Kailangan mong maging mataray sa mamimili upang hindi utangin ang iyong paninda.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Kwentahin ang mga ginastos at kikitain sa pag aalaga ng manok. Kopyahin at sagutan sa iyong sagutang papel.

1. Talaan ng Gastusin

Halaga ng mga sisiw (Puhunan)	₱1000.00
Halaga ng patuka at antibayotiko	2500.00
Bayad sa nag-aalaga	1000.00
Kuryente	300.00
Tubig	<u>50.00</u>
Kabuuang gastos	₱ _____
Halaga ng Pinagbilhan 12,550.00	
Halaga ng pinagbilhan	₱ _____
Halaga ng gastusin	- _____
Kita o Tubo	₱ _____

Sagutin ang mga tanong:

1. Magkano ang halaga ng mga sisiw? patuka at antibayotiko?
2. Magkano ang bayad sa serbisyo o paglilingkod?
3. Ilan ang kabuuang halaga ng gastusin para sa pag-aalaga ng sisiw?
4. Magkano ang pinagbilhan ng manok?
5. Magkano naman ang kinita o tinubo?

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3 Iguhit sa patlang ang masayang mukha ☺kung ang isinasaad na istratehiya sa pagsasapamilihan ay wasto at malungkot ☹ na mukha kung di- wasto.

- _____ 1. Ang pagbili ng bultuhan o maramihan ay tinatawag na pakyawan.
- _____ 2. Ang pagbibigay o pagtitinda sa produkto ng walang bayad na babayaran lamang kung kailan maubos ang paninda ay tinatawag na pag—angkat.
- _____ 3. Hindi kailangan ang gadgets sa online selling.
- _____ 4. Ang groseri ay isang malaking tindahan na karaniwang matatagpuan sa bayan o barangay kung saan kumpleto lahat ng uri ng paninda.
- _____ 5. Maramihan ang produktong ipinagbibili sa mga mamimili sa pamamaraang tingian.

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Kopyahin at sagutan sa iyong sagutang papel. Punan ng Gamitin ang mga sumusunod na pormula sa pagkukuwenta ng kabuuang tubo at netong tubo.

$$\text{Kabuuang Benta} - \text{Kabuuang Gastos} = \text{Kinita}$$

Uri ng Isda	Kabuuang Benta	Kabuang Gastos	Kinita
Bangus	5340.00	1200.00	
Tilapya	4300.00	1000.00	
Sapsap	1200.00	650.00	
Alumahan	1350.00	680.00	
Kabuuan			

Sagutin ang mga Tanong:

1. Kuwentahin ang kabuuang pinagbilhan ng lahat ng hayop. Magkano ang kabuuang pinagbilhan ng lahat ng hayop?
2. Magkano ang kabuuang gastos ?
3. Magkano ang kabuuang kita para sa lahat ng hayop?

Gawain sa Pagkatuto Bilang 6: Basahin at unawaing mabuti. Piliin at isulat ang wastong titik sa iyong sagutang papel.

1. Aling estratehiya ng pagsasapamilihan ang gumagamit ng internet at gadgets?
 - A. pakyawan
 - B. tingian
 - C. online selling
 - D. pagbebenta sa palengke
2. Sa ganitong sistema ng pagsasapamilihan nagkakasundo na ang mamimili at may-ari ng hayop bago pa man anihin ang produkto.
 - A. pakyawan
 - B. tingian
 - C. online selling
 - D. pagbebenta sa palengke
3. Ang mga sumusunod na pangungusap ay dapat mong tandaan sa pagtitinda ng iyong produkto.
 - I. Panatilihin malinis at sariwa ang produkto
 - II. Huwag nang alamin ang presyong ng produkto sa merkado
 - III. Sumunod sa pamantayang pangkalusugan
 - IV. Maging magiliw at magalang sa mga mamimili.
 - V. Siguraduhing tama ang timbang ng iyong produkto.
 - A. I at II
 - B. I, II at III
 - C. I, III, IV at V
 - D. Lahat ng nabanggit
4. Tinatawag itong bigay tiwala, sapagkat ibinibigay ang produkto sa tingiang tindahan kahit wala pang bayad sa kasunduang babayaran sa oras na maubos ang paninda.
 - A. pakyawan
 - B. tingian
 - C. pag-angkat
 - D. pagbebenta sa palengke
5. Sa pagtitinda sa pamamagitan ng online selling ang mga sumusunod ang dapat mong gawin.
 - I. Gumawa ng social media account.
 - II. Kuhanan ng maayos at malinaw ng larawan ang produktong nais ibenta upang maging kaakit –akit sa makakakita ng iyong account.
 - III. Kailangang malinis at sariwa at nasa tamang presyo ang iyong produkto.
 - IV. Hindi kinakailangang alamin ang tunay na pangalan at tirahan ng bumibili.
 - V. Linangin ang kaalaman sa pagbebenta gamit ang teknolohiya.
 - A. I , II, III at V
 - B. II, III at V
 - C. I, II, III
 - D. Lahat nang nabanggit

Nang nagkaroon ng pandemya, naging interesado na mag-alaga ng manok ang binatilyong si Jayward. Sa tulong ng kanyang tatay na si Mang Badong ay gumawa sila ng kulungan. Nakabili sila ng sampung sisiw na nagkakahalaga ng 350.00. Inalagaan niya iyon ng isang buwan at kalahati. Nagkagastos siya ng Php 500 sa gamot at pagkain. Ipinagbili niya nang buhay ang mga manok sa halagang 1500.00

6. Magkano ang naging puhunan niya sa pagbili sa mga sisiw?

- A. 250.00 B. 350.00 C. 400.00 D. 500.00

7. Magkano ang nagastos niya sa pagkain at gamot?

- A. 250.00 B. 350.00 C. 400.00 D. 500.00

8. Magkano ang kabuuang gastos niya sa mga inalagaan niyang manok?

- A. 250.00 B. 350.00 C. 850.00 D. 500.00

9. Magkano ang kanyang tinubo/kinita?

- A. 250.00 B. 650.00 C. 850.00 D. 500.00

10. Ang pormula na dapat gamitin ni Jayward upang malaman niya ang kanyang kinita sa pagbebenta ng kanyang manok?

- A. $\text{Kabuuang Benta} - \text{Kabuuang Kinita} = \text{Kabuuang Gastos}$
B. $\text{Kabuuang Kinita} - \text{Kabuuang Benta} = \text{Kabuuang Gastos}$
C. $\text{Kabuuang Benta} - \text{Kabuuang Gastos} = \text{Kabuuang Kinita}$
D. $\text{Kabuuang Gastos} - \text{Kabuuang Kinita} = \text{Kabuuang Benta}$

A

Gawain sa Pagkatuto Bilang 7: Basahin at intindihin ang sitwasyon. Ilahad ang iyong kasagutan sa tanong sa iyong sagutang papel.

Matagal nang naghahayupan ang iyong tatay, ngunit kapansin-pansin na kakaunti lamang ang nagiging kita ng iyong tatay sa pagbebenta ng kanyang mga alagang manok sa palengke. Madalas pa ay iniuwi na lang ang mga natitirang manok na hindi nabebenta. Base sa natutunan mo sa aralin, paano mo matutulungan ang iyong tatay na mas lumaki pa ang kaniyang kita? Sumulat ng sanaysay ng mga hakbang na iyong gagawin.

Rubrik sa Paglalahad

Tayahin ang isinulat na paglalahat batay sa sumusunod na pamantayan. Lagyan ng tsek (✓) sa puntos na naayon sa mga sumusunod na pamantayan.

Pamantayan	Puntos				
	1	2	3	4	5
1. May kabuluhan ang inilahad at pagkakaugnay ng detalye					
2. Malinaw ang layunin, nasa pokus					
3. Gumamit ng payak at angkop na mga salita at lubos na nauunawaan ang aralin.					
4. Wasto ang gamit sa malalaking titik (kung saan kailangan) gayundin ang mga bantas, baybay ng mga salita, at iba pang mekaniks sa pagsulat.					
5. Naipakita ang kasanayan sa pagsasapamilihan ng inalagaang hayop.					
Kabuuang Puntos					


Pagpapakahulugan:

19 -25 =Napakahusay

7—12 = May kaunting kaalaman

13—18 = Mahusay

0 - 6 = Kailangan pang magsanay



Susi sa Pagwawasto

Weeks 1-2

Gawain 1
5
6
1
2
8
3
7
4

Gawain 2
2
4
5
1
3
6

Gawain 3
(Magbigay ng konsiderasyon sa mga sagot ng bata)
1. Pataba o abono
2. sustansiya
3. nakadadagdag ng kapasidad na humawak ng tubig ang lupa.
4. estado/lagay/kondisyon
5. epektibo/maganda
6. maayos
7. guwantes
8. sombrero
9. pagkakamot
10. balanse

Gawain 4
1. C
2. A
3. A
4. B
5. D
6. C
7. D
8. B
9. B
10. B

Weeks 3-4

Gawain 1
1. 😊
2. 😊
3. 😊
4. 😊
5. 😊

Gawain 2
1. makabuhay at tanglad
2. aphids
3. Paggamit ng kemikal na pestisidyo
4. Spot
5. katworm

Gawain 3
1. Pestisidyo
2. Inter cropping
3. Lalagan
4. kemikal
5. pagpapausok

Gawain 4
1. C
2. C
3. D
4. B
5. C

Week 5

Gawain 1
1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Mali
5. Tama

Gawain 2
1. Itik
2. Manok
3. Kalapat
4. Pugo
5. tilapia

Gawain 3
(In any order)
Kulungan
Pagkain
Panustos na tubig
Tapunan ng dumi
Gamot at bitamina

Gawain 5
1. B.
2. A.
3. A
4. A
5. D.

Weeks 6-8

Gawain 1
1. S
2. DS
3. S
4. S
5. DS

Gawain 2
1. manok—karne at itlog
2. itik—karne at itlog
3. Pugo—karne at itlog
4. Tilapiya—karne/laman
5. Bangus—karne/laman

Gawain 3
Kabuang gastos-4850
Halaga ng pinagbilhan—12,550
Halaga ng gastusin-4850
Kita o Tubo= 7,700
Mga Tanong:
Depende sa sagot ng bata

Gawain 3
(In any order)
Kulungan
Pagkain
Panustos na tubig
Tapunan ng dumi
Gamot at bitamina

Gawain 4
1. 😊
2. 😊
3. 😊
4. 😊
5. 😊

Gawain 5
Kinita
Bangus—4140
Tilapia-3300
Sapsap-550
Alumahan-670
Kabuanan=8660

Gawain 6
1. C
2. A
3. C
4. C
5. A
6. B
7. D
8. C
9. B
10. C

PIVOT Assessment Card for Learners

Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.




- ★ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain sa Pagkatuto

Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ★, ✓, ?.




Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0*. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.

Department of Education. EPP V: Sining Agrikultura 5: Learners Material.



Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

